



PATNUBAY SA MISA



17 Setyembre 2017

Ika-24 Linggo sa Karaniwang Panahon

Taon A

“Patawarin ang Aming Pagkakasala Gaya ng Pagpapatawad Namin . . .”

Nabubuhay tayo ngayon sa mundong puno ng paghihiganti, galit, at walang patawaran. Di ito ang sitwasyong nais ng Diyos para sa atin. Sa laki ng Kanyang pagmamahal, sinugo Niya ang Kanyang Anak upang hatdan tayo ng kapatawaran, pagalingin ang mga sugat ng ating pagkakahati-hati, at turuan tayong mamuhay bilang mga miyembro ng Kanyang mag-anak. Noong araw ng kanyang muling pagkabuhay, nagpakita si Hesus sa kanyang mga disipulo upang sila’y patawarin at pagkalooban ng kapayapaan, at bago siya umakyat sa langit, sinugo niya sa buong mundo upang ihatid sa lahat ang mabuting balita ng mahabaging pag-ibig ng Diyos.

Sa Eukaristiya ngayon, hilingin natin ang awa ng Diyos para sa atin at sa buong mundo, kasabay ng pagpapatawad natin sa mga nagkasala sa atin.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kapayapaa’y ibigay sa bayan mong naghihintay upang iyong patunayang propeta’y maaasahan. Dalangin nami’y pakinggan.

Pagbati

P –Pagpalain ang Panginoong Diyos na nagpapatawad sa lahat nating kasalanan. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumaiyong lahat!

B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P – Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo, alalahanin natin ang ating mga kasalanan at hilingin ang pagpapatawad ng Panginoon at ang biyayang magpapatawad. (Manahimik saglit.)

P – Panginoong Diyos, lagi kang

handang magpapatawad ng mga nagsisising makasalanan, ngunit malimit naman kaming tumatangging magpapatawad sa mga nagkasala sa amin. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Panginoong Hesus, tinuruan mo si Pedrong magpapatawad nang pitumpung ulit ng pito, ngunit nahihirapan naman kaming magpapatawad kahit man lang minsan. Kristo, kaawaan mo kami!

B – Kristo, kaawaan mo kami!

P – Panginoong Hesus, pinatawad mo ang mga nagpako sa iyo sa krus, ngunit tumatangi kaming magpapatawad sa kahit bahagyang pagkakasala. Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesuskristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesuskristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P –Ama naming makapang-yarihan, ikaw ang Lumikha at Tagapamahala ng tanang umiiral. Tunghayan mo kami upang ang iyong awa ay aming maranasan at ipagkaloob mong ikaw ay aming wagas na mapaglingkuran sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Ecc 27:30-28:7*

“Magpatawad kung nais mong ikaw’y patawarin” ang hamong mensahe sa atin ng paham na si Sirac sa sipi ngayong hango sa Matandang Tipan. Sa kanyang istilong mapangaral, tinutukoy niyang halos tuwiran ang turo ni Hesukristo sa ganito ring paksa – turong taglay sa “Ama Namin.”

L–Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Sirac

Ang poot at pagngingitngit ay dapat ding kamuhian; ngunit sa makasalanan, iyan ay pangkaraniwan.

Natatandaan ng Panginoon ang kasalanan ng bawat tao, at ang mapaghiganti ay paghihigantihan din niya. Patawarin mo ang kapwa sa kanyang pagkukulang, at pag ikaw ay dumalagin sa Diyos, patatawarin ka rin naman. Ang nagtatanim ng galit laban sa kapwa, pag tumawag sa Panginoon, walang kakamtang awa. Kung hindi ka nahahabag sa iyong kapwa, paano mong ihihingi ng tawad ang iyong kasalanan? Kung ikaw na tao lamang, ay nagkikimkim ng galit, sinong magpatawad sa iyo sa mga kasalanan mo? Alalahanin mo ang iyong wakas at pawiin mo ang iyong galit. Isipin mo ang kamatayan at sundin mo ang Kautusan. Dili-dilihin mo ang Kautusan at huwag kang magalit sa kapwa; alalahanin mo ang Tipan ng Kataas-taasan at matuto kang magpatawad.

Ang Salita ng Diyos!

B–Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 102*

B–Ang ating mahabaging D’yos ay nagmamagandang-loob!

R. M. Velez



* Panginoo’y papurihan, purihin mo, kaluluwa, ang pangalan niyang banal purihin mo sa tuwina. Ikaw, aking kaluluwa, ang Diyos ay papurihan, at huwag mong lilimutin yaong kanyang kabuthian. **B.**

* Ang lahat kong kasalana’y siya ang nagpatawad, at anumang aking sakit, ginagamot niyang lahat. Sa bingit ng kamatayan ako ay inililigtas, at pinagpapala ako sa pag-ibig niya’t habag. **B.**

* Banayad nga kung magalit, hindi siya nagtatanim; yaong taglay niyang galit, hindi niya kinikimkim, kung siya ay magparusa, di katumbas ng pagsuway, di na tayo sinisingil sa nagawang kasalanan. **B.**

* Ang agwat ng lupa’t langit, sukatin ma’y hindi kaya, gayon ang pag-ibig ng Diyos, sa may takot sa kanya. Ang silangan at kanluran, kung gaano ang distansya, gayung-gayon ang pagtingin sa sinumang nagkasala. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Ro 14:7-9*

Sa maikling siping ito na halaw sa Liham niya sa mga Romano, nagpapaalaala si San Pablo ng isang tunay na kalugud-lugod na katotohanan: Sa buhay at sa kamatayan man, tayo’y sa Panginoon. Tayo ay nasa pag-iingat ng Panginoong lubos na nagmamahal.

L–Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid: Walang sinuman sa atin ang nabubuhay o namamatay sa kanyang sarili lamang. Kung tayo’y nabubuhay, nabubuhay tayo para sa Panginoon, at kung tayo’y namamatay, namamatay tayo para sa Panginoon. Kaya nga, sa mabuhay o sa mamatay, tayo’y sa Panginoon.

Sapagkat si Kristo ay namatay at muling nabuhay upang maging Panginoon ng mga patay at mga buhay.

Ang Salita ng Diyos!

B–Salamat sa Diyos!

Aleluya

Jn 13:34

B–Aleluya! Aleluya!

Bagong utos, ani Kristo, mag-ibigan sana kayo katulad ng pag-ibig ko.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mt 18:21-35*

Ang pagpatawad sa mga pagkakasala ay mahalagang bahagi ng pangaral ni Hesukristo. Sa parabula para ngayon tungkol sa walang awang nangutang, nais ikintal ng Panginoon sa ating dapat tayong maging handang magpatawad sapagkat tayo man ay nangangailangan ng pagpatawad ng Diyos.

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B–Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, lumapit si Pedro kay Hesus at nagtanong sa kanya, “Panginoon, makailan kong patatawarin ang aking kapatid na paulit-ulit na nagkakasala sa akin? Makapito po ba?” Sinagot siya ni Hesus, “Hindi ko sinasabing makapito, kundi pitumpung ulit pa nito.

Sapagkat ang paghahari ng Diyos ay katulad nito: ipinasiya ng isang hari na pagbayarin ang kanyang mga lingkod na may utang sa kanya. Unang dinala sa kanya ang may utang na sampung milyong piso. Dahil sa siya’y walang ibayad, iniutos ng hari na ipagbili siya, ang kanyang asawa, mga anak, at lahat ng ariarian, upang makabayad. Nanikluhod ang taong ito sa harapan ng hari at nagmakaawa: ‘Bigyan pa ninyo ako ng panahon, at babayaran ko sa inyo ang lahat.’ Naawa sa kanya ang hari kaya ipinatawad ang kanyang mga utang at pinayaon siya.

Ngunit pagkaalis niya roon ay nakatagpo niya ang isa sa kanyang kapwa lingkod na may utang na limandaang piso sa kanya. Sinungaban niya ito at sinakal, sabay wika: ‘Magbayad ka sa utang mo!’ Naglumuhod iyon at nagmakaawa sa kanya: ‘Bigyan mo pa ako ng panahon at babayaran kita.’ Ngunit hindi siya pumayag; sa halip ipinabilanggo niya ang kanyang kapwa lingkod hanggang sa ito’y makabayad. Nang makita ng kanyang mga kapwa lingkod ang nangyari, sila’y labis na nagdamdam; pumunta sila sa hari at isinumbong ang nangyari. Kaya’t ipinatawag siya ng hari. ‘Ikaw – napakasama mo!’ sabi niya. ‘Pinatawad kita sa utang mo sapagkat nagmakaawa ka sa akin. Nahabag ako sa iyo; hindi ba dapat

ka ring mahabag sa kapwa mo?' At sa galit ng hari, siya'y ipinabilanggo hanggang sa mabayaran niya ang kanyang utang.

Gayon din ang gagawin sa inyo ng aking Amang nasa langit kung hindi ninyo patatawarin ang inyong kapatid."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoon ng Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Batid nating tayo'y makasalanan at tungkulin nating magpatawad sa mga nagkasala sa atin. Kaya nga, hilingin natin ang biyang mahabag at magpatawad, tulad ng Diyos. Itugon nati'y:

B—Mahabaging Panginoon, dinggin mo kami!

* Para sa Simbahang panlahat at lokal: Nawa siya'y maging malinaw na tanda at kasangkapan ng mahabaging pag-ibig ng Diyos sa lahat ng tao. Manalangin tayo! **B**

* Para sa Santo Papa at lahat nating pinunong espirituwal: Nawa patuloy silang maging inspirasyon namin sa kanilang kagandahang-

loob sa lahat ng nagkasala sa kanila. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating mga pinunong pambayan at iba pang nanunungkulan: Nawa maging mabuti silang halimbawa sa pakikipagbati at pakikipagtulungan sa kalaban sa pulitika alang-alang sa ikagagaling ng bayan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa iba't ibang antas ng lipunan: Nawa sila'y maging makatarungan sa isa't isa at magtutungan para sa pagtataguyod ng katarungang panlipunan at kapayapaan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga naapektuhan ng mga pag-uusig at mga gawa ng mga terorista: Nawa mapatawad nila ang mga may pananagutan sa kanilang sinapit at makatagpo ng katahimikan sa mapagpagaling na pagmamahal ng Diyos. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Manahimik saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Panginoong Diyos, ipagkaloob Mo sa amin ang biyang maging tanda at kasangkapan ng iyong mapagpatawad na pagmamahal, at sa gayo'y itaguyod ang kapayapaan ng Kaharian kung saan Ka nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B—Amen!



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, mawain mong dinggin ang aming mga pithaya at paunlakan mo ang paghahaing aming inihanda upang ang mga handog ng bawat isang nagbigay para sambahin ang banal mong ngalan ay magkamit ng karagdagan mong kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo IV

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mungungumang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihansang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtititis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nalupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat at maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo. . .

Pagbubunyi

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P—Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Pag-ibig na iyong bigay ay hindi matutumbasan. Laging ikaw ang kanlungan ng iyong bayang hinirang na 'yong sinusubaybayan.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, ang aming kalooban nawa’y pagharian ng aming tinanggap na pakikinabang upang huwag ang diwa namin ang umiral kundi ang bunga ng pagdiriwang ang laging mamayani sa amin sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Bigyan nawa kayo ng Diyos ng pusong maunawain at mapagpatawad sa lahat ng nagkasala sa inyo.

B– Amen!

P– Bigyan nawa kayo ng lakas para matiis ninyo ang lahat ng hirap sa buhay nang buong tiyaga’t karangalan.

B– Amen!

P– Pagkalooban nawa kayo ng masaganang gantimpala sa lahat ng kabutihang gagawin ninyo ngayon.

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapang-

yarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Naialay na natin ang sakripisyonang Eukaristiya. Humayo kayo at ibahagi ang mga bunga nito sa lahat ng inyong makatagpo!

B– Salamat sa Diyos!



Word & Life Publications

Sa Paaralan ng Habag ng Diyos

Lahat tayo’y may bahaging maramdamin at kapag nasaling, agad tayong may reaksyong kadalasa’y mapusok. Halos walang sinumang makapapayag saktan ang kanyang damdamin at karapatan. Sakali mang may manakit sa atin, tiyak na mararanasan niya ang ating hinanakit at paghihiganti.

Ang Diyos man ay may “damdamin” din. Ano ang reaksyon Niya sa ating pagkakasala? Bilang ating Dakilang Lumikha at pinakadakilang Tagapagpala, Siya’y may katuwirang “magdamdam” at magparusa agad sa atin kapag mali ang gamit natin sa Kanyang mga kaloob, o kapag ginamit natin ito nang lantarang salungat sa Kanyang kalooban. Gayunman,

“Kung siya’y magparusa, di katumbas ng pagsuway;

Di na tayo sinisingil sa nagawang kasalanan . . .

Alam niya na alabok, yaong ating pinagmulan.

Alam niyang babalik din sa alabok kung mamatay.”

(Aw 103:10.14)

Ang Diyos ay nagpapakilalang di lamang “mahabagin” (*sangguniin Jer 3:12*), kundi itinakda Niyang gayahin ng Kanyang bayan ang Kanyang pagkabukas-palad,

pagkat “Ano’t pagkakaitan ng awa ang kapwa, saka hihiling ng patawad sa sarili niyang kasalanan?” (*Sir 28:4*)

Batid nating **ang pinakadakilang tanda ng habag ng Diyos sa makasalanang sangkatauhan ay si Hesukristo.** Isinama niya ang mga mahabagin sa “Mapapalad” (*sangguniin Mt 5:7*), at pinaalalahanan niya ang kanyang mga alagad na ang ibig ng Diyos sa kanila’y di-gaanong mga alay panritwal, kundi mga pusong mahabagin at laging handang umunawa at magpatawad. (*Sangguniin Mt 9:13.*)

Lahat tayo ngayo’y inaanyayahan sa “paaralan ng habag” ng Diyos – habag na ibinabandila sa bawat krus, sa larawan ng “Hari ng Banal na Awa,” at sa nakaantig na larawan ng nagdurugong puso ni Hesus. **Libre ang mga “pakitang-turo” ng habag ng Diyos sa bawat pagdiriwang ng Eukaristiya at bawat kumpisal.** Ngunit sa gayong paaralan mayroon din tayong takdang gawaing **“humayo at tumulad,”** sa pagkaloob sa mga nagkasala sa atin ng parehong kapatawarang hinihiling natin para sa ating mga sarili kapag nagdarasal tayo sa ating Ama sa langit.

Para sa malalaking diskuwento sa mga libro,
magasin, kalendaryo, at iba pa . . .


Magsadya sa *Word & Life Publications* Booth # 221 sa

The 38th Manila International Book Fair

Setyembre 13-17, 2017 (10:00 n.u. – 8:00 n.g.)

SMX Convention Center, SM Mall of Asia Complex, Pasay City

This serves as your Entry pass. **FREE ENTRANCE FOR 1**



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Dy, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua